## APPLICATION

- Nananalig ka ba kay Kristo lamang para sa kaligtasan at ikaw ay napapabanal na kay Kristo? Kung hindi pa, gusto mo bang manalig kay Kristo ngayon?
- Papaano ka magiging banal sa lahat ng iyong ginagawa? Anong kinagawian o pag-uugali ang kailangan mong talikdan upang maisalamin mo ang kabanalan ng Diyos?
- Papaano ka lalago sa iyong pang-unawa ng kabanalan ng Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil hindi Siya nagbabago at para sa walang-kamatayan Niyang pag-ibig para sa atin.
- Mangakong mamuhay ng nakakalugod sa Diyos. Manalangin na mamuhay ka sa kabanalan Niya araw-araw.
- Hilingin sa Diyos na magkaroon ka ng kakayahan na maisalamin mo ang Kanyang kabanalan sa iyong pamumuhay at mapalapit sa Kanya ang iba sa pamamagitan ng iyong halimbawa.

VICTORY

© 2014 by VICTORY®
All rights reserved.
Permission to photocopy this material is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 1**

# Ang Kabanalan ng Diyos

## NOTES

## WARM-UP

- Noong bata ka pa, masunurin ka ba o hindi? Ipaliwanag ang iyong sagot.
- Nabigyan ka na ba ng mga tagubilin na mahirap sundin? Nasunod mo ba ang mga ito? Bakit o bakit hindi?
- May mga pag-aari ka ba na ginagamit mo lang sa mga espesyal na layunin? Sabihin kung anu-ano ang mga ito at kung para saan ang mga ito.

**WORD**

*[15]Banal ang Diyos na tumawag sa inyo, kaya dapat magpakabanal din kayo sa lahat ng ginagawa n'yo. [16]Sapagkat sinasabi ng Diyos sa Kasulatan, "Magpakabanal kayo dahil banal ako."* **1 PEDRO 1:15,16**

---

Pinag-uutos ng Diyos na tayo ay mabuhay nang may kabanalan tulad ng Kanyang pagiging banal. Kung inaangkin natin na tayo'y Kanyang mga anak, hindi ito dapat sapilitan para sa atin. Ibig sabihin ng pagiging banal ay nakalaan, dalisay ang pag-aasal, walang kasalanan, at ganap. Ang tawag ng pagiging banal ay ibinigay sa bawat mananampalataya. Pinabanal tayo sa pamamagitan ng pag-aalay ni Jesus at naisasapamuhay natin ito batay sa katotohanang ito. Sa aralin na ito, titingnan natin ang tatlong katotohanan tungkol sa kabanalan at kung papaano natin ito maisasapamuhay.

## 1 Ang Diyos ay banal.

*[1]Noong taon ng pagkamatay ni Haring Uzia, nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa napakataas na trono. Ang mahabang damit niya ay tumakip sa buong templo. [2]May mga makalangit na nilalang sa gawing ulo niya. Ang bawat isa sa kanila ay may anim na pakpak: Ang dalawang pakpak ay nakatakip sa kanilang mukha, ang dalawa ay nakatakip sa kanilang paa, at ang dalawa ay ginagamit nila sa paglipad. [3]Sinasabi nila sa isa't isa: "Banal, Banal, Banal, ang Panginoong Makapangyarihan! Ang kapangyarihan niya'y sumasakop sa buong mundo."* **ISAIAS 6:1-3**

Ang kabanalan ng Diyos ay isa sa mga mahahalagang bahagi ng Kanyang kalikasan at dito umiikot ang Kanyang bawat katangian—ang Kanyang pag-ibig ay banal, ang Kanyang karunungan ay banal, ang Kanyang Salita ay banal. Gayunman, ang Diyos ay banal at tayo ay hindi, at kung sa sarili lang natin, hindi natin kayang gawin iyon na mag-isa. Papaano nabago si Isaias nang makatagpo Niya ang kabanalan ng Diyos (Isaias 6:5)?

## 2 Napapabanal tayo kay Kristo.

*. . . nilinis niya tayo sa mga kasalanan natin sa pamamagitan ng minsanang paghahandog ng sarili niya.* **MATEO 16:24,25**

Dahil alam ng Diyos na hindi natin kayang maging banal sa ating sarili, gumawa Siya ng paraan para sa atin. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak bilang alay para sa ating mga kasalanan. Ang naging bunga nito ay napabanal tayo. Dahil dito, nakikita ng Diyos ang kabanalan ni Kristo sa atin bilang nalinis na sa mga kasalanan at ganap na sa harapan ng Diyos. Kay Kristo, tayo ay nakalaan, dalisay ang pag-aasal, walang kasalanan, at perpekto. Ibahagi kung papaano ka nabago ng katotohanang ito.

## 3 Tinatawag tayo na maging banal kay Kristo.

*Bago pa man likhain ang lahat, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos.* **1 PEDRO 1:15**

*Tinawag tayo ng Diyos para mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan.* **1 TESALONICA 4:7**

Bilang mga anak ng Diyos, dapat nakikita ang Kanyang kabanalan sa ating pamumuhay. Ang pagtugon natin sa pag-aalay ni Jesus ay kinakailangan ng puspusang paglayo sa kasalanan at ang Kanyang grasya ang siyang tutulong sa atin na gawin ito. Ang panawagan na maging banal ay isang pang-araw-araw at patuloy na pamumuhay para sa Diyos sa lahat ng ating ginagawa at pagtalikod sa masama at hindi makaDiyos na pamumuhay. Balikan ang isang bagay na nakasanayan o pag-uugali na masama na sa tulong ng Diyos ay naiwasan mo at nakapamuhay ka nang may kabanalan gaya Niya.